

NEW MUSLIM ACADEMY

# ANG KAHALAGAHAN NG PAGNINILAY SA QUR'AN



Maraming iba't-ibang mga paraan na iniutos sa atin na kumonekta sa Qur'an. Kabilang sa mga pamamaraang ito ang pagbigkas at pagbabasa ng Qur'an, pagsasaulo ng Qur'an, pag-aaral nito, paggawa ayon sa mga katuruan nito, at panawagan sa iba para sa gabay at mga aral nito. Ang isa sa pinakamahalagang paraan ng pagkonekta sa Qur'an ay sa pamamagitan ng pagmumuni-muni at paglalarawan. Ang pagmumuni-muni sa Qur'an ay nangangahulugan na unawain muna ang mga kahulugan nito, at pagkatapos ay pag-isipan ang mga kahulugan nito.



Ang pagninilay-nilay sa Quran ay nagbibigay-daan sa atin na higit na pahalagahan ang mga salita ng Allah.  Ito ay nagpapatibay ng ating pananampalataya at nagpapakita sa atin ng kagandahan ng mga aral at alituntuning nakapaloob sa Qur'an. Sinabi ng Allah, "[Ito] ang Aklat [Qur'an] na Aming ibinaba [o ipinahayag] sa iyo [O Muhammad (SAWS)], puno ng pagpapala, upang kanilang mapagnilay-nilay ang mga ayaat [o babala] nito, at upang makaalaala ang mga nagtataglay ng pang-unawa." [38:29] Sa talatang ito, ay sinabi sa atin ng Allah na ang Qur'an ay ipinadala sa mga tao upang pagnilayan ang mga mensahe at aral nito, at para sa mga tao na makinig.

Sa ibang talata, ay sinabi ng Allah, "Hindi ba nila napag-iisipan [nang buong puso] ang Qur'an, o ang kanila bang mga puso ay may mga kandado [upang sila ay hindi makaunawa]?" [47:24] Dahil ang pagmumuni-muni sa Qur'an ay nagdudulot ng isang mas matibay na koneksyon sa salita ng Allah at sa Kanyang mga kautusan. Si Propeta Muhammad (SAWS) ay madalas na pinagninilayan ang Qur'an habang binibigkas ito. Hinihikayat niya ang kanyang mga alagad na gawin din ito.



Sa isang okasyon, ay hiniling ni Propeta Muhammad (SAWS) sa isa sa kanyang mga alagad sa si Ibn Masud (kalugdan nawa siya ng Allah) na bigkasin sa kanya ang ika-apat na kabanata. Nang makarating siya sa sumusunod na talata, "Kaya, paano [pa kaya ang mangyayari], kapag Aming ipinarating mula sa bawat pamayanan ang isang saksi, at ikaw ay Aming ipinarating [O Muhammad (SAWS)] laban sa mga ito [mga tao] bilang saksi?" [4:41], ay sinabi sa kanya ni Propeta Muhammad (SAWS) na tumigil at nakita ni Ibn Masud (RA) ang Sugo na umiiyak.

Kung ating iisipin ang talatang ito, si Propeta Muhammad (SAWS) ay sinabihan na siya ay gagawing saksi sa buong sangkatauhan sa Araw ng Paghuhukom. Ito ay isang mahalaga at mabigat na tungkulin at responsibilidad, at naaalala ito ni Propeta Muhammad (SAWS). Sa ibang pagsasalaysay, si Propeta Muhammad (SAWS) ay nag-aalay ng gabi-gabing boluntaryong ritwal na debosyon at umiiyak habang binibigkas niya ang Qur'an. Nang tanungin kung bakit siya umiiyak, kanyang sinabi na ang huling talata ng ikatlong kabanata ang nagpaiyak sa kanya, nagdadalamhati sa mga bumibigkas nito at hindi iniisip ang kahulugan nito. Sinabi ng Allah, "Katotohanan, sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalit-salitan ng gabi at araw, naririto ang ayaat [mga palatandaan, babala, at aral] para sa mga [taong] nagtataglay ng tamang pang-unawa.

Yaong mga nag-aalaala sa Allah nang nakatindig, nakaupo, at nakatagilid sa kanilang pagkakahiga, at nagmumuni-muni sa pagkalikha mg mga kalangitan at ng kalupaan, [at nagsabing]: 'Aming Nag-iisang Panginoon, hindi Mo po ito nilikha sa kabulaanan [o nang walang makabuluhang layunin]. Luwalhati sa Iyo. Kaya, iligtas Mo po kami sa parusa ng Apoy [ng Impiyerno]. Aming Nag-iisang Panginoon, katotohanan, sinumang ipasok Mo sa Apoy [ng Impiyerno] ay katiyakang siya ay ginawa Mong kaaba-aba. At para sa mga mapaggawa ng kamalian, sa kanila ay walang makakatulong." [3:190 - 192]

Sa ikatlong okasyon, isang araw ay sinabi sa kanya ng pinakamalapit na alagad ni Propeta Muhammad (SAWS), na si Abu Bakr (RA), "O Sugo ng Allah (SAWS), ang ilan sa iyong mga buhok ay pumuputi." Si Propeta Muhammad (SAWS) ay tumugon, "Ito ang kabanata na ipinangalan sa Sugo na si Hud, (Kabanata #11), at ang mga katulad na kabanata na nagpaputi sa kanila." Kung pagninilayan natin ang Kabanata 11, ito ay nagsasalita tungkol sa parusa ng Allah sa nakalipas na mga nasyon na tumalikod mula sa Allah at tinanggihan ang kanilang mga Sugo. Si Propeta Muhammad (SAWS) ay natakot din sa parusa para sa kanyang mga tao.



Ang pagmumuni-muni ay nangangailangan ng ilang mga bagay upang ito ay maging epektibo. Una, kailangan natin ng oras na mag-isa ng walang pagkagambala at kaguluhan. Ang pagmumuni-muni ay ang pagsalamin, at ito ay nangangailangan sa atin na mag-isip at magmuni-muni.  Maglaan ng oras sa araw o dalawang beses sa isang linggo kapag tayo ay nag-iisa, at maaaring magmuni-muni, kahit 15 minuto lamang.

Pumili ng isang talata sa Qur’an na sumasalamin sa iyo. Magandang ideya na magsimula sa mga kabanata na kabisado mo na at madalas na binabasa, tulad ng unang kabanata o ang huling ilang bahagi ng Qur’an. Ang pagmumuni-muni ay nangangailangan ng pag-unawa, dahil hindi natin maiisip ang isang bagay na hindi natin naiintindihan. Samakatuwid, ay basahin muna ang pagsasalin ng nasabing talata. Basahin ito ng maraming beses at subukang unawain ang mga salita.  Tandaan, hindi dapat magmadali. Ang pagmumuni-muni ng isang talata sa isang pagkakataon ay sapat na. Halimbawa, sa unang talata ng kabanata 1, ano ang ibig sabihin ng pagpupuri sa Allah? Ano ang pagpupuri at paano ito nakakamit? Bakit natin pinupuri ang Allah?




Para madagdagan ang ang iyong kaalaman ukol dito, kakailanganin mong higit na magbasa at mag-aral. Maghanap ng lektura na nagbibigay ng paliwanag sa kabanata. May mga serye ng lektura sa YouTube, at mga libro na nakatuon sa agham ng pagpapaliwanag sa Quran at sa mas malalim na kahulugan nito. Ang karagdagang kaalaman na ito ay magbibigay-daan sa iyo upang mas mapag-isipan ang talata. Halimbawa, ang pagpupuri ay para luwalhatiin ang Allah na may pagmamahal, pagsamba at kababaang-loob. Ang papuri ay ginagawa sa pamamagitan ng pananalita at mga salita ng papuri, gayundin sa pamamagitan ng mga pagkilos at sa pamamagitan ng pagsamba sa Allah. Pinupuri natin ang Allah dahil Siya ang ating Tagapaglikha at Nag-iisang Panginoon, na karapat-dapat sambahin, at para sa maraming mga biyaya na ibinigay Niya sa atin, kung saan hindi bababa sa biyaya ng pananampalataya.

Gawin ang proseso sa itaas para sa ikalawang talata ng kabanata 1.) Sa pagtatapos ng iyong pagmumuni-muni sa talata 2, subukang pag-isipan ang koneksyon sa pagitan ng unang dalawang talata. Sa talata 2, ay inilarawan ng Allah ang Kanyang sarili sa dalawang pangalan. Ang unang pangalan ay nagpapakita ng napakalaking biyaya ng Allah sa lahat ng Kanyang nilikha, hanggang sa pinakamaliit na insekto at halaman. Ang pangalawang pangalan ay ang partikular na biyaya ng Allah sa mga mananampalataya na ipinapakita ng Allah sa kanila sa buhay na ito at sa susunod.

Maaari mo na ngayong pagnilayan ang parehong mga talata. Nais ng Allah na Purihin natin Siya, dahil Siya lamang ang karapat-dapat sa lahat ng pagsamba, ang Tagapagbigay ng lahat ng mga pagpapala. Ang Allah ay mahahabagin at mapagbigay sa lahat ng Kanyang nilikha, lalo na sa mga mananampalataya. Nais ng Allah na makilala natin Siya sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa Kanyang mga katangian at mga pangalan. Sa ganitong paraan, ay maaari nating gawin ang mga talata, hanggang sa dulo ng kabanata.

Ang pagmumuni-muni ay isang kamangha-manghang gawaing pagsamba at isa sa pinakadakilang paraan ng pakikipag-ugnayan sa Qur’an. Ito ay isang proseso na nangangailangan ng oras. Maaari ito maging kasiya-siya at nakalulugod habang sinisimulan nating pahalagahan ang kagandahan at lalim ng mga kahulugan na matatagpuan sa Quran.



SCAN ME